Tumanggap si Moises ng Espesyal na Atas

Tagubilin: Gawin ito sa tahimik na lugar. Habang binabasa mo ang mga teksto, isipin mong napapanood mo ang nangyayari. Ilarawan sa iyong isip ang eksena. Isipin mong naririnig mo sila. Damhin mo ang nadarama ng pangunahing mga tauhan. Gawing buháy na buháy sa iyong isipan ang kuwento.

Pangunahing mga tauhan: Ang Diyos na Jehova at si Moises

Sumaryo: Inatasan ni Jehova si Moises na ilabas sa Ehipto ang mga Israelita.

❶ ***PAG-ISIPAN ANG EKSENA.—BASAHIN ANG EXODO 3:1-14; 4:1-17.***

Ano kaya ang hitsura ng nagniningas na palumpong?_____

Ano kaya ang naging reaksiyon ni Moises—ang hitsura at tono ng kaniyang boses—nang marinig niyang tinawag siya ng Diyos, gaya ng nasa Exodo 3:4?_____

Anong damdamin ang napansin mo sa boses ni Moises habang nagtatanong siya kay Jehova, gaya ng nakaulat sa Exodo 3:11, 13 at 4:1, 10?_____

❷ ***PAG-ARALANG MABUTI.***

Magsaliksik tungkol sa pariralang "Ako ay magiging gayon sa anumang ako ay magiging gayon." (Exodo 3:14) Bakit kaya iyan ang isinagot ni Jehova nang magtanong si Moises tungkol sa Kaniyang pangalan?*_____

* Ang mga Saksi ni Jehova ay naglalathala ng maraming aklat at brosyur na makatutulong sa iyo para sa mas malalim na pag-aaral ng Bibliya. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa mga Saksi ni Jehova sa inyong lugar o sumulat sa mga tagapaglathala ng magasing ito.

Sa palagay mo, bakit parang ayaw makipag-usap ni Moises kay Paraon? (Clue: Basahin ang Bilang 12:3.)

Bakit parang ayaw ni Moises na puntahan at kausapin ang kaniyang mga kapuwa Israelita?

3 *GAMITIN ANG IYONG NATUTUHAN. ISULAT ANG IYONG NATUTUHAN TUNGKOL . . .*

Sa tendensiya ng tao na mawalan ng tiwala sa sarili.

Sa pagtitiwala ni Jehova sa iyo at sa iyong mga abilidad.

PARA MAGAMIT PA ANG IYONG NATUTUHAN.

Sa anong mga gawain ka nawawalan ng tiwala sa iyong sarili?

Paano ka maaaring magamit ng Diyos na Jehova sa kabila ng iyong mga limitasyon?

4 *ANONG BAHAGI NG KUWENTONG ITO ANG PINAKAGUSTO MO, AT BAKIT?*

Kung gusto mong i-download at/o i-print ang artikulong ito, magpunta sa www.jw.org

www.jw.org © 2012 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania